
ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE OF THE PHILIPPINES

التجالوج

# SI PROPETA MUHAMMAD

## *Biyaya sa Sangkatauhan*



AHMAD BAGUEC

# Si Propeta MUHAMMAD

## *Biyaya sa Sangkatauhan*

*Isinulat Ni*

Ahmad Baguec

ISLAMIC STUDIES, CALL AND
GUIDANCE OF THE PHILIPPINES

بسم الله الرحمن الرحيم

# ISCAG - PHILIPPINES

**ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE OF THE PHILIPPINES**

*Congressional Road, Salitran 1*
*Dasmariñas, Cavite Philippines*

Tel No.: (0063) (46) 4163371
Fax No.: (0063) (46) 5061451

Para sa karagdagang imporsmasyon tungkol sa *Islam,* mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan.

## Ang Mga Nilalaman


Paunang Salita .................................................. i
Pagkasilang .................................................. 1
Kabataan .................................................. 2
Pag-aasawa .................................................. 3
Pagkapropeta .................................................. 4
Mga Hamon .................................................. 6
Pandarayuhan (Hijra) .................................................. 8
Ang Bagong Panahon .................................................. 10
Mga Kinatawan .................................................. 12
Ang Pagpapalaya sa Makkah .................................................. 12
Ang Pamamaalam .................................................. 13
Ang Pagpanaw .................................................. 17
Ang Patnubay .................................................. 19
Ang Pangkabuhayan .................................................. 20
Ang Kalinisan .................................................. 23
Ang Kaayusan .................................................. 27
Ang Pagkamabait .................................................. 30
Ang Pagkikipagkapitbahay .................................................. 30
Ang Mabuting Pakikipag-kapwa .................................................. 32
Ang mga Kababaihan .................................................. 32
Ang Pamahalaan .................................................. 34
Mga Sanggunian sa Pagsulat .................................................. 36
Ang 25 na pangunahing Sugo ng Allah .................................................. 38
Ang sinasabi nila kay Propeta Muhammad .................................................. 39
Ang Paanyaya sa Katotohanan .................................................. 40

# Paunang Salita

Ang lahat ng papuri ay sa Allahﷻ lamang, Siya ang tanging pinasasalamatan at hinihingan ng tulong. Ang gabay at kapatawaran ay mula sa Kanya lamang. Ako ay nagpapakupkop sa Allahﷻ laban sa kasamaan ng aking sarili at sa mga gawaing pagsuway sa Kanya. Sinumang pinatnubayan ng Allahﷻ ay walang makapagliligaw sa kanya. At sinumang hinayaan Niyang maligaw walang makapagpapatnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang tunay na Diyos na nararapat sambahin maliban sa Allahﷻ, ang tanging Nag-iisa at ang walang katambal sa Kanyang Kapangyarihan at Kaluwalhatian. At ako rin ay sumasaksi na si Muhammadﷺ ay ang huling Sugo at Alipin ng Allahﷻ. Nawa'y patnubayan siya ng Allahﷻ at ipagkaloob sa kanya ang pinakamabuting gantimpala para sa kanyang Ummah. Nawa'y gantimpalaan ng Allahﷻ ang lahat ng kanyang mga kasamahan sa kanilang mga pagtitiis at katapatan sa pagpapalaganap ng Islam para sa kanilang mga sumusunod na henerasyon hanggang sa Huling Araw.

Ang maikling sulating ito ay hango sa kahanga-hangang kasaysayan at talambuhay ni Propeta Muhammad ﷺ na naglalayong ipamahagi sa inyo nang payak at nang may kapitagan. Ito ay mula sa kanyang pagkasilang hanggang sa kanyang pagpanaw kasama rito ang mga paksa hinggil sa kanyang angking katangian, at ilan sa mga pamantayang kanyang itinatag sa halos lahat ng sinasaklawan ng ating pamumuhay at pagsamba.

Si Propeta Muhammad ﷺ ang siyang nagdala at nagturo sa atin ng pananampalatayang Islam. Nararapat lamang na kilalanin natin siya at pag-yamanin ang mga bagay na kanyang itinuro.

As-salamu Alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatu.

*Ahmed Baguec* - احمد باجيك
June 10, 2004 - Rabi Thani 22, 1425
Riyadh, KSA

## Pagkasilang

Si Muhammadﷺ[1] ay isinilang sa angkan ng Bani Hashim sa Makkah, Arabia, taong 570 A.D [Taon ng mga Elepante]. Ang kanyang ina na si *Aminah* ay anak ni Wahb bin Al-Manaf mula sa angkan ng mga Zahrah. Ang kanyang ama na si Abdullah ay anak ni Abd Al-Muttalib. Ang kanyang angkan ay mula sa marangal na lahi ni Isma'il, ang anak ni Abraham na halos ika-apatnapung inapu.

Ang ama ni Muhammadﷺ ay namatay bago siya ipinanganak. Lubos siyang naging ulila sa pagkamatay ng kanyang ina noong siya ay anim na taong gulang pa lamang.

Ayon sa kaugalian ng mga mararangal na pamilya sa Makkah, ang batang si Muhammad ay ipinaubaya sa pangangalaga ni *Halimah bint Abi Dhuib* na naninirahan sa disyerto upang maging malusog at matutong maging matatag sa buhay disyerto, at gayundin upang maging bihasa siya sa wikang Arabik sa orihinal at dalisay nitong anyo. Sa pananatili niya sa disyerto kapiling ang pamilya ni Halimah, ilang ulit din siyang ibinalik sa Makkah upang dalawin ang kanyang ina.

---

[1] ﷺ *Sallallahu Alaihi Wassallam.* Isang pangungusap na binabanggit sa tuwinang sasabihin o maririnig ang pangalan ni Propeta Muhammadﷺ, na nangangahulugan ng "Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanya at ilayo siya sa anumang paninira (derogatory things) at iligtas siya sa anumang masama (evil)."

Nang namatay ang kanyang ina, siya'y inalagaan ng kanyang lolo na si Abd Al-Mutalib. At nang namatay ang kanyang lolo, napunta siya sa pangangalaga ng kanyang amain na si Abu Talib. Sa pagkakataong ito, madalas siyang mag-alaga ng mga tupa sa palibot ng Makkah at sinasamahan din ang kanyang amain sa paglalakbay ng pangangalakal sa Syria.

## Ang Kabataan

Sa kanyang kabataan, si Muhammadﷺ ay mahigpit na naniniwala sa Kaisahan ng Allahﷻ[2]. Siya ay namuhay nang pangkaraniwan at kinasusuklaman niya ang kapalaluan, kahambugan at pagmamataas. Siya ay maawain sa mga mahihirap, sa mga balo at sa mga ulila at nakiramay siya sa kanilang paghihirap sa pamamagitan ng kanyang pagtulong. Kanyang iniwasan ang lahat ng masasamang bisyong karaniwang ginagawa ng mga kabataan sa kanilang lipunan katulad ng sugal, pag-inom ng alak, kahalayan at marami pang iba. Siya ay likas na kilalang *'As-Siddiq'* (Matapat) at *'Al-Amin'* (Mapagkakatiwalaan). Tiwala sila sa kanyang pamamagitan sa anumang hidwaan ng

---

[2] Allah - ang pansariling Pangalan ng Tagapaglikha, ang Diyos at Panginoon ng lahat ng nilikha, nakikita man o hindi nakikita. Ang Allah mismo ang nagsabi ng Kanyang Pangalan [ ﷻ ] – na ang kahulugan ay "Ang Kataastasan".

dalawang magkasalungat na panig sa kanyang lupang tinubuang Makkah.

**Pag-aasawa**

Noong siya'y halos 25 - taong gulang, iminungkahi ng kanyang amain na si Abu Talib na sumama siya sa isang paglalakbay ng pangangalakal na pagmamay-ari ng isang mayamang balo na si Khadijah. Tinanggap at isinagawa niya ang paglalakbay sa Syria. Kanyang pinangasiwaan ang pangangalakal nang may likas na pag-iingat at pagpapahalaga sa kanyang tungkulin kung kaya bumalik siyang may dalang malaking kita kung ihahambing sa karaniwang kinikita ng mga naunang namasukan sa kanya. Humanga si *Khadijah* sa kanyang katapatan at sa kanyang kahali-halinang pagkatao. Kaya kanyang inalok siya ng kasal na taos pusong tinanggap naman ng Propeta ﷺ. Naging masaya ang kanilang pag-iisang dibdib. Ang kanilang pagsasama ay nagbunga ng anim na supling: Al-Qassim, Zainab, Ruqaiyah, Umm Kulthum, Fatimah at Abdullah na tinaguriang Taiyib at Tahir. Lahat ng anak na lalaki ay namatay na bata pa lamang at ang kanyang mga anak na babae ay namatay sa panahon ng kanyang pagkabuhay maliban kay Fatimah na namatay anim na buwan pagkaraan ng kanyang pagpanaw. Si Khadijah ay ang tangi niyang asawa hanggang sa pumanaw ito sa edad na *51* taong gulang.

## Pagkapropeta

Ipinanganak si Muhammadﷺ sa isang sambayanang lumihis sa paniniwala sa kaisahan ng Allahﷻ. Siya ay nalulungkot at naalibadbaran sa kabulukan ng lipunan na nakapaligid sa kanya. Madalas siyang pumunta sa Yungib ng Hira sa bundok na malapit sa Makkah, na sa huli ay tinaguriang *'Jabal An-Nur'* (ang bundok ng liwanag). Dito niya pinag-iisipang mabuti ang nangingibabaw na kadiliman at kakulangan ng kaalaman. Sa yungib na ito'y nanatili siyang mataimtim sa pananalangin sa Panginoon ng mga daigdig. Isang gabi, habang siya'y nagninilay-nilay sa Yungib Hira, si Anghel Gabriel ay dumating sa kanya. Pinukaw siya ng malakas na tinig ni Anghel Gabriel na umalingawngaw sa kanyang pandinig. Siya'y nalito at hindi malaman ang kanyang gagawin. Inutusan siyang magbasa, at ang sagot niya: *"Hindi ako nakakabasa!"* Tatlong ulit na sinabihan siyang magbasa ni Anghel Gabriel subali't ganoon pa rin ang sagot niya. Sa huli, sinabi ng Anghel:

> *Ipahayag! Sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha, na lumikha sa tao mula sa namumuong bagay. Ipahayag! At ang iyong Panginoon ay Ang Mapagbigay, Siya na nagturo (sa paggamit) ng panulat, na nagturo sa tao sa hindi niya nalalaman. [Qur'an, 96:1-5]*

Ito ang unang pahayag na natanggap ni Muhammadﷺ. Siya ay 40 taong gulang sa panahong yaon, at nagpatuloy ang pagdating ng mga pahayag sa kanya sa loob ng 23 taon.

Ang pagkasunod-sunod ng mga pahayag na ito ay isinaayos ayon sa mga pamamatnubay na ibinigay kay Propeta Muhammadﷺ. Tinipon ito sa anyong aklat na tinawag na *"Al-Mushaf"* o *"Qur'an[3]"* *(Pagbabasa)*. Halos lahat ng mga taludtod ay may malinaw na kahulugan. Ilang mga taludtod ay naipapaliwanag sa pamamagitan ng ibang taludtod sa Qur'an, at ang ang iba ay naipaliwanag mismo ng Propetaﷺ sa kanyang mga salita, mga gawa, pagpapahintulot, pagbabawal at paghatol. Kilalang-kilala ito sa tawag na *"Sunnah"* *(Salaysay at gawain)*.

Namuhay siya sa mga pag-uutos at patnubay ng Allah. Walang makakapantay sa kasaysayan ng lahat ng mga Propeta ang pinagdaanang buhay at pagpapakasakit ng huling Sugo.

---

[3] Ang huling Kapahayagang ibinigay ng Allah sa Kanyang huling Sugo na si Muhammad sa pamamagitan ni Anghel Gabriel sa loob ng 23 taon. Ang pahayag ng Allahﷻ kay Propeta Muhammadﷺ (Rebelasyon) na tinipon sa anyong Aklat na siyang pangunahing patnubay sa mga Muslim.

Ang Qur'an at ang Sunnah[4] ay ang pangunahing batayan ng patnubay at panuntunan ng buhay para sa mga isinusuko ang kanilang buhay sa Allah ﷻ. Ang mga taong sumusunod sa patnubay at panuntunan ng buhay na ito ay pinangakuan ng Allah ﷻ na maliligtas sa mundong ito at sa kabilang buhay.

## Mga Hamon

Nang tinawag ng Propeta ﷺ ang mga tao sa landas ng Allah ﷻ, hindi lahat sa kanila ay nakinig sa kanyang panawagan. Karamihan sa mga tumanggap sa kanyang panawagan ay mula sa kanyang pamilya at sa karaniwang tao sa lipunan. Sina Khadijah, Zayd at Bilal ang mga unang tumanggap ng Islam. Nang pinag-ibayo niya ang kanyang layuning pagpapalaganap (Da'wah)[5], sa pamamagitan ng lantarang pagpapahayag sa panuntunan ng buhay na kanyang ipinangangaral, dumami ang kanyang tagasunod. Kasabay nito kinakailangang harapin niya ang pagtutol ng mga matataas na pinuno sa kanilang lipunan dahil sa kanilang pangambang nanganganib ang kanilang katungkulan sa lipunan. Sila'y nagkaisa sa pagtutol sa panawagan ni Muhammad ﷺ at mariing ipinagtanggol ang relihiyon ng kanilang mga ninuno.

---

4 Ang mga gawain, winika, pagpapaliwanag, at hatol ni Propeta Muhammad ﷺ.

5 Pagpapaliwanag at Pagpapahayag sa Kaisahan ng Allah ﷻ. Pagpapalaganap ng Islam.

Lalong sumigla ang iilang taong yumakap sa Islam nang ang isang maliit na pangkat ng iginagalang na mga tao sa Makkah ay sumama sa bagong relihiyon.

Kilala sa kanila ay sina Uthman bin Affan, Zubair bin Al-Awwam, Abdu Ar-Rahman bin Awf, Talha bin Ubaydillah, Sa'd bin Abi Waqqas, Arqam bin Abi Arqam, Ubaydillah bin Harith, Aa'id bin Zayd, Amr bin Nufail, Fatimah (the wife of Nufail), Asma binti Abu Bakr, Abdullah bin Mas'ud, Ja'far bin Abi Talib at iba pa. Bago pa yumakap sa Islam ang pangkat na ito, si Abu Bakr ang isa sa mga unang tagasunod na likas na hinangaan ng Propeta ﷺ. Ang sabi ng Propeta ﷺ sa kanya: "Wala akong ibang inanyayahan sa pananampalataya (Islam) na hindi nagpakita ng ano mang pag-aalinlangan sa pagyakap nito maliban kay Abu Bakr. Nang inalok ko ang Islam sa kanya'y hindi siya nagpakita ng kahit anong pag-aalinlangan sa pagtanggap nito".

Dahil sa mga paghamon at pagtutol mula sa mga hindi naniniwalang Makkan[6], may mga Muslim[7] na nakaranas ng labis na pagpapahirap, pang-aapi, pagkakahiwalay at embargo. Ang Propeta ﷺ ay nagtiis at pina-

---

[6] Mga tao o Tribo ng Makkah. Sa sulating ito, ang katawagang Makkan ay patungkol sa mga di-Muslim na tiga Makkah.

[7] Mga taong sumusunod at sumasamba sa nag-iisang Allah ﷻ.

ngalagaan ang kapakanan ng mga Muslim. Hiningi niya kay *Negus*, ang Hari ng Ethiopia na payagan ang mga Muslim na dumayo sa kanyang bansa. Malugod na tinanggap ni Negus ang mga Muslim na dumayo sa kanyang lupain at tumangging ibalik sila (mga bagong Muslim) sa kamay ng mga Pinuno ng Makkah na tumutugis sa kanila.

**Pandarayuhan (Hijrah)**

Nawala sa Propeta ﷺ ang dalawang mahahalagang tao sa kanyang buhay. Sila ay ang kanyang mapagmahal na amaing si Abu Talib, at ang kanyang tapat at mapagmahal na asawang si Khadijah. Pagkaraan ng kanilang pagkamatay, naramdaman ng mga Makkan na maaari na nilang gawin ang lahat ng kanilang nais sa Propeta ﷺ at ang kanyang mga tagasunod.

Sa Makkah, naroon ang *"**Ka'bah**"* na itinayo nina Propeta Ibrahim at Ismael maraming siglong taon ang nakalipas bilang isang banal na lugar para sa pag-samba sa Diyos (Allah ﷻ), ang Bukod-Tanging Nagiisa. Datapwa't sa pagkaraan ng mahabang panahon, ang lugar ay ginawang sambahan ng mga diyus-diyusan. Dinagdagan pa ito ng maraming ritwal mula sa sarili nilang kaugalian. Malimit ang kanilang pag-dalaw dito ng ilang buwan sa isang taon para sa paglalakbay. Sila'y galing sa iba't ibang bahagi ng Arabia, na kina-

katawan ng mga tanyag na tribo. Ang paglalakbay sa banal na lugar, sa kabila ng pagiging bahagi nito ng pamantayang pangrelihiyon, ay ginawang taunang pagdiriwang ng mga Arabo upang magkita-kita at magpakalayaw sa kanilang kultura at kaugalian. Ginamit itong pagkakataon ni Propeta Muhammad ﷺ upang ipalaganap ang Islam.

Kabilang sa mga tumanggap sa kanyang panawagan ay ang isang pangkat mula sa Yathrib, isang lugar sa hilagang bahagi ng Arabia. Sila, kasama ng ilang Muslim sa Makkah ay nakipagkita nang palihim sa Propeta ﷺ sa isang nayong tinatawag na "*Aqabah*". Pagkatapos nilang yumakap sa Islam at naging mga Muslim, nanumpa silang maging matapat sa pagtatanggol sa Islam, sa Propeta ﷺ, at sa mga Muslim sa Makkah.

Sa sumunod na taon, muling dumating ang pangkat ng mga Muslim na taga-Yathrib sa Makkah. Sila'y nakipagkita sa Propeta ﷺ sa dating lugar na pinagtagpuan nila noong nakaraang taon. Sa pagkakataong ito, si Abbas bin Abd Al-Muttalib[8], ang amain ng Propeta ﷺ ay naroroon sa pagtatagpo. Inanyayahan nila ang Propeta ﷺ at ang mga Muslim sa Makkah na mangibang-bayan sa Yathrib. Nangakong pakiki-

[8] Ang amain ni Propeta Muhammad ﷺ sa kabila ng pagiging hindi Muslim ay buong tapang at pagmamahal na tumaguyod at nagtanggol sa kanya.

tunguhan sila bilang mga tunay na kapatid. Isang mahabang usapan sa pagitan ng mga Muslim na taga-Yathrib at ng amain ng Propeta※ upang tiyaking malugod nilang tatanggapin ang mga Muslim na Makkan sa kanilang bayan. Sa huli, sumang-ayon na rin ang Propeta※ na isagawa ang isang malaking pagdarayuhan sa bagong bayan.

Nang nalaman ng mga pagano sa Makkah ang binabalak ng mga Muslim na umalis, sinikap nilang pigilan sila nguni't may naunang pangkat ang nangibang bayan na sa Yathrib. Nangamba ang mga di-naniniwalang mga Makkan na ang pangingibang bayan ng mga Muslim ay magbibigay ng bagong himpilan sa pagpapalaganap ng Islam.

Sa loob ng dalawang buwan, halos lahat ng mga Muslim sa Makkah ay nangibang bayan na sa Yathrib maliban sa Propeta※, Abu Bakr, Ali at ilan sa mga mahihina at walang kakayahan. Napagpasyahan ng mga Makkan na patayin ang Propeta※. Sila'y nag-balak, nguni't ang Allah※ ay nagbalangkas din (ayon sa taludtod sa Qur'an). Sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan at mahusay na panukala, ang Propeta※ ay mapayapang nakarating din sa wakas sa Yathrib. Ang pook na ito ay tinaguriang ***"Madinah Al-Rasul"***[9].

---

[9] Ang Lungsod ng Propeta※. Dito nagsimula ang malaganap na pagyakap sa Islam ang mga tao mula sa iba't ibang tribo sa Arabia.

## Ang Bagong Panahon

Sa Madinah, malayang nakapagpalaganap ng Islam ang Propeta ﷺ. Ang tagasunod ng Islam ay dumarami araw-araw. Subali't hindi natigil ang masamang pakikitungo sa kanila ng mga Makkan. Ilang pagsasagupa ang naganap sa pagitan ng mga Makkan at ang mga Muslim. Minsan ang digmaan ay napanalunan ng mga Muslim, minsan ang mga Makkan. Nakipagdigmaan din sa mga Byzantine at sa Persia bilang pagtatanggol sa Islam at mga Muslim. Ang pakikipagsagupa sa mga Makkan ay pansamantalang natigil pagkatapos ng 'Kasunduan ng Hudaibiyah' na nilagdaan ng mga Muslim at ang mga Makkan.

Ang mga Muslim sa Madinah ay lumagda ng mga kasundauan sa mga Hudyo ng Madinah at mga tribo sa paligid ng lungsod. Ang mga Hudyo ay sumira sa kasunduan na siyang naging dahilan upang sila'y tuluyan nang palayasin sa Arabia noong kapanahunan ni *Khalifa Umar.*

Sa Madinah, ang Propeta ﷺ ay nagtagumpay sa pagtatag ng Islam bilang Panuntunan ng Buhay sa ganap nitong kahulugan. Hindi lamang siya nagbibigay ng patnubay sa *'Salat'* (pagdarasal), *'Zakat'* (pagbibigay ng kawanggawa), *'Sawm'* (pag-aayuno) at *'Hajj'* (pag-

lalakbay sa Ka'bah sa Makkah), at mga halimbawa sa bagay na ito, bagkus nagbigay din sa mga Muslim ng "Tuntunin" at "Batas" na sumasaklaw sa panlipunan, pangkabuhayan, at sa mga larangang ukol sa mamamayan o pamahalaan.

## Mga Kinatawan

Doon sa Madinah, ang Propeta ﷺ ay tumanggap ng mga kinatawan mula sa iba't ibang tribo at bansang humihingi ng talakayan, pag-aayos at kasunduan. Kabilang dito ay ang kinatawan ng mga Kristiyano sa bayan ng Najran (sa timog Arabia). Malugod silang tinanggap ng Propeta ﷺ, inistima bilang mga marangal na panauhin at pinayagan ding isagawa nila ang ritwal ng kanilang relihiyon sa kanyang lungsod. Isang magandang pagkakataon upang talakayin ng bawa't isa ang kanilang pananaw sa mga bagay na nauukol sa relihiyon.

## Ang Pagpapalaya sa Makkah

Ang *'Kasunduang Hudaibiyah'* ang nagbigay ng malaking pagkakataon sa mga Muslim upang magbigay ng tunay na halimbawa ng pansariling asal na nababatay sa Islam at ang ugnayan sa lipunan. Datapwa't ang kapayapaan ay hindi nagtagal dahil sa pakikitungo ng mga pinuno ng mga Makkan na

sumira sa kasunduan. Hindi nagtagal, tahimik na pumasok kasama ang libu-libong mandirigma ang Propeta ﷺ sa Makkah noong ika-8 taon pagkaraan ng panahon ng pangibang bayan sa Madinah (Hijra). Ang mga Makkan ay hindi nagbigay ng anumang pagtutol at ang buong lungsod ay sumuko sa Propeta ﷺ. Kanyang ipinahayag ang pangkalahatang pagpapatawad sa lahat ng kanyang kaaway at ang lahat ng mamamayan ng lungsod ay pinakitunguhan nang may kagandahan at kabutihang loob. Ipinahayag ito sa Banal na Qur'an:

*Kapag dumating ang tulong ng Allah at ng Tagumpay, iyong matutunghayan ang mga taong nagsisipasok sa pananampalataya ng Allah (Islam) nang maramihan. Kaya ipagdiwang ang mga papuri sa iyong Panginoon at hilingin ang Kanyang kapatawaran. Katotohanan Siya ang Lagi nang (tumatanggap ng pagsisisi at) Nagpapatawad. [Qur'an 110:1-3]*

Pagkatapos ng pagpapalaya sa Makkah, lahat ng mga natitirang tribo sa Arabia ay namulat sa katotohanan ng pananampalatayang Islam. Ang mabuting halimbawa ng pagpapatawad, pagpapaubaya, katarungan, kainaman, katapatan at iba pang huwarang katangian ng Propeta ﷺ at ng kanyang mga kasamahan ang siyang nagpalambot sa puso ng libo-libong taong naging Muslim.

**Ang Pamamaalam ng Propeta ﷺ sa Hajj**

Dumating ang panahon na ang lahat ng bahagi ng Arabia ay naging lupain ng Islam. Hinangad ng Propeta ﷺ na isagawa ang paglalakbay sa Banal na Ka'bah (Hajj). Ipinahayag niya ang kanyang hangarin sa mga Muslim sa Madinah at ang mga lugar sa paligid nito. Inaanyayahan silang sumama sa kanya. Ito ang tanging Hajj na kanyang isinagawa sa tanang buhay niya.

Sa pagkakataong ito sinikap niyang ihatid sa lahat ng naparoong kasama niya at sa sangkatauhan sa buong mundo ang tungkol sa Hajj at sa Banal na Balitang ipinahayag sa kanya ng Allah ﷻ para sa sangkatauhan.

Isang malaking pagtitipon ng Ummah (sambayanang Muslim) sa huling pagpapaalam ng Propeta ﷺ sa isinagawang Hajj. Ang *"Hijat Al-Wada"* (farewell) na sermon ay tinalumpati ng Propeta Muhammad ﷺ sa bundok ng Arafat mga 81 o 82 araw bago siya pumanaw. Naglalaman ito ng mga pangunahing bagay sa Islam. Habang nakasakay sa kanyang kamelyo, nagsalita siya sa malinaw na boses at hiningi sa mga nakikinig sa kanyang talumpati na ipaabot ang mensahe sa lahat ng taong wala roon:

*O tao, makinig sa akin, dahil hindi ko alam na pagkatapos ng taong ito'y makakasama pa ninyo ako. Kaya makinig nang mabuti sa aking ipahahayag sa inyo at ihatid ang mga (mensaheng) ito sa mga (taong) wala rito ngayon.*

*O tao, tulad ng inyong pagsaalang-alang sa buwang ito, ang araw na ito, ang lungsod na ito na banal, kaya isaalang-alang ang buhay at ari-arian ng bawa't Muslim ay tiwalang banal. Ibalik ang mga ari-ariang ipinagkatiwala sa inyo sa mga nagmamay-ari. Huwag manakit, para kayo ay hindi saktan. Alalahaning inyong makakaharap ang inyong Panginoon, at Kanyang huhusgahan ang inyong mga gawa. Ang inyong Panginoon ay pinagbawalan kayong makibahagi sa anumang uri ng patubuan (Usury), kaya lahat ng uri ng patubo ay dapat talikdan.*

*Mag-ingat kay Satanas, para sa kapakanan ng inyong relihiyon. Siya'y nawalan ng pag-asang iligaw kayo sa malalaking kasalanan, kaya mag-ingat sa mga maliliit na bagay na nagdudulot ng pagkakasala.*

*O tao, totoong may karapatan kayo sa inyong mga kababaihan, subali't alalahanin ninyong sila rin ay may karapatan sa inyo. Kung sila'y manatiling tapat sa inyong karapatan, sa kanila ang karapatan na damitan at pakainin nang maayos. Pakitunguhan nang mabuti ang inyong mga kababaihan at maging mabait sa kanila, dahil sila ang inyong kasama at mapagkakatiwalaang kaagapay. At karapatan ninyong huwag silang makipagkaibigan sa*

*kanino man nang wala kayong pahintulut, at kailanman ay huwag silang maki-apid.*

*O tao, makinig sa akin nang taimtim, sambahin ang Allah, isagawa ang limang beses na pagdarasal, mag-ayuno sa buwan ng Ramadan, magbigay ng Zakat, at isagawa ang Hajj kung may kakayahan. Batid ninyong ang bawa't Muslim ay magkakapatid sa isa't isa. Kayo'y magkakapantay. Walang sinuman ang nakahihigit sa iba maliban sa mga may takot sa Allah at may mabubuting gawa.*

*Alalahanin, darating ang araw na haharap kayo sa Allah at pananagutan ang inyong mga gawa. Kaya mag-ingat, hawag lumihis sa tuwid na landas pagkatapos ng aking kamatayan.*

*O tao, walang Propeta o Sugong darating pagkatapos ko at walang bagong pananampalataya ang sisilang. O tao, maging makatwiran, at intindihin ang aking mga pahayag. Iiwanan ko ang dalawang bagay, ang* **"Qur'an"** *at ang aking* **"Sunnah"** *at kapag inyong pinanghawakan ito, kailanma'y hindi kayo mawawalay sa tuwid na landas.*

*Kayong lahat na nakinig sa akin, ipahayag ninyo ang aking mga pangungusap sa iba, at sila nama'y sa iba. At sana, ang mga huli ay mauunawaang mabuti ang aking mga pahayag kaysa sa mga nakinig sa akin nang harapan.*

*Kayo ang aking magiging saksi sa Allah, na aking naipaabot ang pahayag sa inyo.*

Ang kahalagahan ng pangaral na ito ay nagpapahiwatig na bilang na ang natitirang araw ng Propeta. Kanyang naramdamang ito ang tamang panahon upang pagtibayin ang Panuntunan ng Islam sa kanyang mga tagasunod.

Sa pagiging ganap ng relihiyong ito, nangangahulugan lamang na hindi kailangan ng sangkatauhan lalo na ang mga Muslim, na umasa pa sa ibang pagpipiliang pamamaraan ng pamumuhay. Walang sinuman ang lilihis sa tuwid na landas habang nananatiling matapat sa dalawang bagay na iniwan ng Propeta Muhammad ﷺ (Ang Qur'an at ang Sunnah ng Propeta).

## Ang Pagpanaw

Sa halos dalawang buwan pagkaraang dumating sa Madinah mula sa paglalakbay sa banal na Ka'bah[10] sa Makkah, ang Propeta ﷺ ay nagkasakit. Magkagayunma'y naisasagawa pa rin niya ang pagdarasal sa Masjid[11] at nagbibigay ng pamamatnugot sa mga

[10] Kauna-unahang bahay dalanginan na itinayo ni Adam at ipinagpatuloy nina Ibrahim at Ismael. Ang pinakabanal na lugar sa Islam. Ang Qibla o ang direksiyon kung saan nakaharap ang mga Muslim sa kanilang pagganap ng Salaah (pagdarasal).

[11] Bahay o pook dalanginan ng mga Muslim.

Sahabah[12]. Ang kanyang kalusugan ay lumalala araw-araw. Sa huling sandali, sinabihan niya si Abu Bakr na pangunahan ang Salaah sa Masjid. Bawa't kasapi ng kanyang sambahayan at bawa't Sahabah ay nag-aalala sa kanyang kalagayan. Lunes ika-12 ng Rabi' Al-Awwal, taong 11 pagkaraan ng Hijrah, pumanaw siya sa edad na 63.

Maraming tao ang hindi naniniwalang pumanaw na siya. Kanilang inakalang ang Propeta ﷺ ay mananatiling buhay nang walang hanggan. Si Abu Bakr ay may hinuhang nalalapit na ang kamatayan ng Propeta pagkatapos ng kanyang talumpati sa panahon ng Hajj (pelegrinasyon) sa Makkah. Siya ang kumumbinsi sa nagtipong mamamayan na ang Propeta ﷺ ay tunay ngang pumanaw na. Sinabi ni Abu Bakr sa pagtitipon na kung sumasamba sila kay Muhammad, si Muhammad ﷺ ay pumanaw na at kung sila'y sumasamba sa Allah ﷻ, Siya'y buhay magpakailanman. At kanyang ipinahayag ang taludtod sa Qur'an:

> *Hindi hihigit sa isang Sugo si Muhammad at tunay na maraming Sugo ang nagsipanaw na nauna sa kanya. Kung siya man ay mamatay o mapatay, babalik ba kayo sa pananampalatayang inyong kinagisnan? At sinumang*

---

[12] Mga malapit, mapagkatiwalaang tagasunod at kasamahan ni Propeta Muhammad ﷺ. Mga nakakita ng personal sa Propeta na naging Muslim at namatay sa estado ng Islam.

*bumalik sa dati niyang pananampalataya ay hindi niya kailanman madudulutan ng anumang pinsala ang Allah. At gagantimpalaan ng Allah ang mga Shaaker (mapagpasalamat sa Allah).* [Qur'an 3:144]

## Ang Patnubay

Bilang isang tao, si Muhammad ﷺ ay namatay, nguni't bilang isang Propeta ﷺ nag-iwan siya ng pamamatnubay, ang Qur'an at ang Sunnah. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng katatagan sa dalawang bagay na ito. Katulad ng kanyang ipinahayag sa kanyang pamamaalam noon sa bundok ng Arafat, upang ang tao ay hindi kailanman lilihis sa tuwid na landas.

Kung ang mga katuruang iniwan ng Propeta ﷺ ay isasagawa at isasabuhay nang tapat ay magdudulot sa mga naniniwala nito ng masayang buhay sa mundong ito at bukod pa dito ang di-masukat na gantimpalang matatanggap sa kabilang buhay. Sa ganitong pagkaunawa, saklaw ng Islam ang lahat ng makamundong gawain ng sangkatauhan. Ang kabilang buhay ay karugtong lamang ng makamundong buhay na ito. Mahirap ipahiwatig na ang tao ay maliligtas sa kabilang buhay na hindi muna naligtas sa mundong ito. Ang ligtas na daan ay ang pagsunod sa mga landas na ipinakita sa atin ni Propeta Muhammad ﷺ. Nang tanungin ang asawa niyang si Aisha ng mga Sahabah

tungkol sa pang-araw-araw na gawain ng Propetaﷺ, ang sagot ni Aisha: "Ang kanyang buhay ay ang Qur'an, ang patnubay na mula sa Allahﷻ, at si Muhammadﷺ ay binigyan ng kakayahan ng Allahﷻ upang ipaliwanag ito. Kaya ang kanyang mga gawain ay ang huwarang pantao." Ang Islam, na ipinalaganap ni Propeta Muhammadﷺ ay kadalasang itinuturing ng iba bilang isang relihiyon lamang ng seremonyas kagaya ng Salaah (ng limang ulit sa isang araw), Sawm (pag-aayuno) sa buwan ng Ramadan, Zakat, at pagsasagawa ng Hajj. Subali't ang mga pagbabago sa daigdig ang siyang nagbigay ng pagkakataon upang unawain ang Islam sa lalong malawak na pananaw na sadyang taliwas sa makitid na pananaw ng iba.

## Ang Pangkabuhayan

Sa pagsulong ng pangkabuhayan, ang hangad ay hindi lamang ang makamundong kapakinabangan bagkus sa pangkalahatang kapakanan ng tao. Hinihikayat ng Islam na ang pagtitimbang sa pagitan ng kinakailangang bihisan at kaayusang pampisikal, sa pagitan ng pansarili at panlipunang pangangailangan, na panatilihing nasa tamang ayos upang bawasan ang puwang ng dalawang magkasalungat na kalagayan ng tao ng sanlibutan.

Nabanggit sa Qur'an:

> *Sabihin, Sino ang nagbawal sa paggayak ng mga kasuutang ipinagkaloob ng Allah, na Kanyang ibinigay para sa Kanyang mga alipin, at sa mga At-Tayyibat (lahat ng uri ng pinahihintulutang bagay) sa pagkain? Sabihin: Ang mga iyon ay para sa mga naniniwala sa buhay sa mundong ito (kahit na ang mga di nananampalataya ay magkakaroon ng bahagi dito), (subali't) tanging para sa kanila (na mga mananampalataya ang Aming biyaya) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Gayon Namin ipinaliliwanag nang mabuti ang mga Ayat (batas Islamiko) para sa mga taong nakababatid (sa mga dapat nilang pakinabangan). Sabihin: (Nguni't) Ang mga bagay na tanging ipinagbabawal ng aking Panginoon ay mga Al-Fawahish (masasama/malalaswang gawain at lahat ng uri ng pangangalunya) maging ito man ay ginagawang hayagan o lihim; at ang mga gawang paglabag sa mga kautusan ng Allah; at ang di-makatarungang pang-aapi; at ang pagtatambal ng iba (sa pagsamba) sa Allah nang walang anumang katibayang ibinaba; at ang pagsasabi ninyo ng mga bagay tungkol sa Allah na wala kayong kalaaman (katulad ng pagbabawal ninyo ng isang bagay na hindi naman Niya ipinagbawal)* [Qur'an 7:32-33]

Kaya lahat ay malayang magkaroon ng anumang hanapbuhay hangga't malayo sa ipinagbawal Niya. Lahat ng mabubuting katangiang kinakailangan sa

isang matagumpay na kabuhayan ay may patnubay ang Islam.

Ang Propeta ﷺ ay isa ring mangangalakal bago siya ginawang Sugo ng Allah ﷻ. Ang kanyang kakayahang pangasiwaan ang kalakal ay kahanga-hanga. Ang kanyang pagiging makatarungan at matapat sa kanyang pakikitungo sa mga tao ang siyang bumihag sa puso ng may-ari ng pangangalakal na si Khadijah na sa bandang huli ay naging asawa niya. Hinikayat ni Propeta Muhammad ﷺ ang mga Muslim na sundin ang pangaral ni Propeta David sa kasipagan, na magmula sa sariling pawis ang ikinabubuhay. Sinabi rin niya na ang paniniwala ng isang Muslim ay hindi ganap, kung siya ang hindi marunong sa kanyang gawain. Kanyang sinabi:

> *Kung ipagkatiwala mo ang mga gawain sa hindi marunong, ikaw ay naghihintay ng malaking sakuna.*

Kapag ang isa'y nagtrabaho sa pagawaan, ang kanyang mga gawa ay magkaugma sa gawa ng ibang pagawaan. Upang maipagbili, kinakailangan naa-angkop sa kagustuhan at kakayahan ng mga ma-mimili. Sa ganitong dahilan, itinuturo ng Islam na iwasang mandaya sa mga paninda. Sa kapanahunan ng Propeta ﷺ, marami siyang nalaman sa pamilihan na

kung saan ang mga mangangalakal ay nagsusumikap dayain ang mga mamimili. Kanyang sinabi sa kanila:

> *Kung sino man ang mandaya, siya ay hindi nabibilang sa atin. [Sahih Muslim]*

Ang Islam ay nagtatag ng maraming pamantayan sa larangan ng pangkabuhayan katulad ng pangangalakal, paupahan, bilihan, pakikipagsundo sa gawain at marami pang iba upang maiwasan ang di-makatarungang pakikitungo sa sambayanan at sa lahat ng hanapbuhay sa pangkalahatan. Isa sa mga iniingatan ng Islam ay ang makasarili at pagsasamantala ng ilan sa kapinsalaan ng ibang tao.

**Ang Kalinisan**

Ang isa sa pangunahing bagay sa relihiyong dala ni Propeta Muhammadﷺ ay ang pangangalaga sa kalinisan. Ayon sa pang-unawa ng Islam sa kalinisan, saklaw nito ang pisikal, pangkaluluwa, materyal at pananampalataya.

Sa utos ng Islam, bago isagawa ang anumang seremonya, kinakailangang maging malinis sa katawan, damit, at lugar ng pagsasambahan. Ang kapaligiran ay kailangang manatiling malinis.

Bago simulan ang pagdarasal o kaya'y paglalakbay sa banal na Ka'bah (Hajj o Umrah), kinakailangang mag-linis (Wudho). Sinumang nakipagtalik sa asawa, ay kinakailangang paliguan ang buo niyang katawan (Ghusul). Kailangan din ito sa kababaihan kapag natapos na ang kanilang pagdurugo dahil sa regla o panganganak.

Sa tuwing isagawa ang limang beses na Salah sa buong maghapon, bawa't Muslim ay kinakailangan munang maglinis ng ilang bahagi ng katawan kabilang ang mukha, kamay, paa, bibig, ilong at tainga. Ito rin ay nagsisilbing paalaala sa mga Muslim na manatiling malinis ang kanyang kaluluwa at malaya sa anumang mga ipinagbabawal na gawain.

Ang kalinisan ay hindi lamang pisikal. Ang sarili ay kinakailangan ding maging dalisay sa mga masa-samang gawaing sumisira sa ating ugnayan sa ibang tao at sa Allah ﷻ. Kinakailangang linisin ang isipan sa anumang masasamang hangarin o gawaing ipinag-babawal. Kinakailangang malaya ang puso sa inggit o panibugho, pagkukunwari, at iba pang masasamang hangarin. Dapat lamang maging larawan ng pag-asa, katapatan, pagpatawad, habag, kabanalan, kapatiran, mabuting kapitbahay, at iba pang mga dakilang katangian.

Pinangangalagaan din ng Muslim ang kanyang mga pang-araw-araw na kinakain laban sa lahat ng pagkaing nakasasama sa kalusugan pangmedisina man o pangrelihiyon. Iniiwas ang kanyang mga mata, tainga, at dila sa kasamaan. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga dakilang katangian ni Propeta Muhammadﷺ.

Para sa pagpapadalisay sa ating mga ari-arian, itinatag ng Islam ang panuntunan ng *"Zakat"*. Kapag ang halaga ng natitirang ari-ariang sakop ng Zakat ay umabot sa 'Nisab'[13], ang pagbabayad ng Zakat ay ipinag-uutos ng Allahﷻ sa kapakanan ng mamamayang Muslim at ang sangkatauhan sa pangkalahatan.

Sinumang may naipon sa loob ng isang taon nguni't hindi umabot sa sukat ng *Nisab*, maaari rin siyang magbigay ng kawanggawa sa mga mahihirap bagaman boluntaryo na lamang ito. Ito ay hindi nangangahulugang ang may kakayahan lamang ang magbigay ng kawanggawa sa mahihirap bagkus hinihikayat din ang ibang magbigay ng kawanggawa na naaangkop sa kanilang kakayahan.

---

[13] Ang itinakdang sukat sa halaga ng natitirang kayamanan. .

Ang Propeta Muhammad ﷺ ang nagsabi:

> *Ang kamay sa itaas (tagapagbigay) ay nakalalamang kaysa sa kamay sa ibaba (ang tumatanggap ng tulong).*

Kung mauunawaan lamang ng tumatanggap ng Zakat ang sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ sisikapin niyang siya ang maging tagapagbigay kaysa sa tagatanggap sa pamamagitan ng pagpupunyagi sa higit na magandang pamumuhay na naaayon sa katuruan ng Islam.

Sa Islam, ang pag-aari ng maraming kayamanan ay hindi nakadaragdag sa karangalan ng tao. Gayundin naman, ang karukhaan ng tao ay hindi nagpapababa sa kanyang antas sa lipunan. Tunay na ang yaman ay kinakailangan ng tao upang mabuhay sa mundong ito, nguni't ito ay isa lamang sa pamamaraan, hindi ang katapusan. Ang katapusan ay ang kaligayahan sa buhay na ito na makakamit sa pamamagitan ng mahahalagang asal at hindi nangangahulugan ng pagtalikod sa paghahanap ng yaman upang may ikakabuhay.

Kabilang sa mga dakilang kahalagahan ng Islam ay ang pag-uutos sa paggawa ng mabuti at ang pagbabawal ng paggawa ng masama. Ang kabutihan ay pinangangalagaan at ang kasamaan ay itinatakwil. Sa

maikling pananalita, ang Islam ay tunay na binubuo ng mga utos at mga pagbabawal. Lahat ng mga utos at pagbabawal ay nakabubuti sa sangkatauhan. Ang Allah ﷻ ang higit na Nakaaalam, ang Mahabagin, ay hindi magtatakda ng anumang batas at panuntunan maliban sa kabutihan at sa kapakanan ng Kanyang nilikha.

Ang mga ipinagbabawal ay kinakailangan iwasan dahil sa mga kasamaang idudulot nito sa sangkatauhan. Ang kasamaan ay nilikha bilang pagsubok sa budhi ng tao at paghamon sa kanilang kusang-loob na pamimili sa tama at mali.

Ang lahat ng utos at pagbabawal mula sa Allah ﷻ na ipinadala sa Kanyang Propeta Muhammad ﷺ ay naglalayong padalisayin ang pantaong kaluluwa upang mamuhay nang malinis kaakibat ng pagsamba niya sa Nag-iisang Allah ﷻ (Diyos).

**Ang Kaayusan**

Isa sa mga katuruan ng Islam ay ang tungkol sa kaayusan. Ang disiplina, panuntunan, pangangasiwa, pagpaplano at marami pang ibang katawagang may kaugnayan sa pagsasa-ayos ay malimit na binibigyan ng pananaw na tila baga bago sa Islam. Sa katunayan ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na mamuhay sa

kaayusan at ilagay ang tamang bagay sa dapat na kalalagyan. Ang saligan ng kaayusan sa Islam ay mula sa pangunahing dalawang panuntunan: ang paniniwala sa nag-iisang Diyos at ang kaisahan ng sangkatauhan. Lahat ng batayan ay nasasaad sa Qur'an, at isinabuhay ni Propeta Muhammadﷺ ang mga mahahalagang tuntunin sa ganoong kaayusan.

Kabilang sa mga dakilang kahalagahan na itinuturo ng Islam ay ang tamang paggamit sa nalalabing panahon ng sangkatauhan. Nabanggit sa Qur'an at Sunnah (Tradisyon) ang tungkol sa panahon, araw, linggo, buwan, taon at siglo. Ang tao ay maliligaw ng landas kapag hindi niya ginamit sa paggawa ng mabuti ang panahon ng kanyang pagkabuhay dito sa lupa. Isang malaking kawalan kung ang tao ay nag-aksaya ng mahahalagang panahon sa mga walang kabuluhang gawain. Tunay na ang buhay ay nararapat na kasiya-siya ngunit hindi sa paraang makasisira sa kalikasan at makalalabag sa karapatang pantao.

Ang Allahﷻ ang lumikha ng panahon at kalawakan na naangkop sa gawain ng sangkatauhan upang makamit nila ang kanilang minimithi sa buhay. May panahon ng trabaho, pag-aaral, paglilibang, pagpapahinga at maging ang pagdiriwang. Lahat ay bahagi ng gawaing pagsamba sa Allahﷻ at pagsisilbi lamang sa Kanya. Nasabi ng Allahﷻ sa Qur'an na Kanyang nilikha ang

araw upang magtrabaho at kumita, at ang gabi upang magpahinga at magdiwang. Kanyang nilikha ang araw, ang buwan at ang mga bagay-bagay sa kalawakan bilang palatandaan ng tao sa panahon at kalendaryo. Sa pagkakaroon ng pamantayang oras at pamantayang kalendaryo at ang galaw ng mga bagay sa astronomiya, ang tao ay nagkaroon ng tuntunin sa kanilang tala-orasan sa pamimili ng tamang sandali ng pagsasagawa ng tungkulin at ibang gawain.

May mga oras na ipinag-uutos ng Islam para sa pang-araw-araw na pagdarasal, buwan ng Ramadhan para sa itinakdang tungkuling pag-aayuno at may mga panahon sa buwan ng Dhul-Hijjah upang isagawa ang Hajj. Mapapagtanto dito na ang relihiyong dala ni Propeta Muhammadﷺ ang naglagay sa buhay ng mga Muslim ng kaayusan. Sa bawa't galaw, pakikitungo, gawain at pagdiriwang ng Muslim may mga tuntuning namamahala nito, maging ito man ay sa pamamaraang pangangaral, pangkaluluwang pamamatnubay, o kautusan. Kung ang lahat ng pamamatnugot na ito ay nasusunod at maayos na nauunawaan, ang tao ay magkakaroon ng disiplina at maayos na pangangasiwa sa buhay.

Hinihimok ng Islam ang tao na mag-isip nang mabuti bago gumawa ng anumang bagay. Ito'y nangangahulugan ng sapat at tamang panukala. Maraming

taludtud sa Qur'an na nagpapaalaala laban sa paggawa ng anumang bagay na kulang sa panukala at ang madaliang pagpapasiya.

Ang Propeta ﷺ ay nagpakita ng magagandang halimbawa sa pagtupad ng pangako at manatiling tapat sa anumang kasunduan sa pagitan ng dalawang panig.

Bilang isang marangal na tao, siya ay nanatiling tapat sa panuntunan ng kasunduan, na naglalarawan ng kanyang dakilang disiplina at pagnanais na gawin nang maayos ang lahat ng bagay.

**Ang Pagkamabait**

Si Propeta Muhammad ﷺ ay mapagmahal at tapat na kaibigan. Mahal niya ang kanyang mga Sahabah o Kasamahan. Kanyang binabati ang lahat, kakilala man o hindi. Pinakitunguhan niya ang lahat ng tao sa kanyang paligid nang may kabaitan at pagmamahal.

Siya'y magalang sa lahat ng kanyang nasasalubong. Kailanma'y hindi niya sinalungat ang sinumang hindi sumasang-ayon sa katuruan ng Islam. Pinakitunguhan niya nang pantay ang mapagkumbaba at ang mapagmataas. Siya ay hindi nagbibigay ng pagtatangi-tangi at namuhay siyang kasama ang mga Sahabah o

Kasamahan na para bang hindi siya ang kanilang pinuno.

### Ang Pagkikipagkapitbahay

Si Propeta Muhammad ﷺ ay may mataas na paggalang sa kanyang mga kapitbahay. Itinuturing silang parang mga tunay na kapatid dahil sa kanilang pagkakalapit at kapuwa naninirahan sa iisang lugar. Minsan naamoy niya ang masarap na amoy ng sopas na niluluto ng kanyang asawa. Inutusan niyang bigyan ang mga kapitbahay na nakaamoy din nito. Sinabi niyang hindi nababagay sa isang Muslim na matulog nang busog pagkatapos ng masarap na pagkain samantalang ang kanyang kapitbahay ay nagugutom. Kanyang itinatag ang batayan ng mabuting pakikitungo at pakikipagka-isa sa mga kapitbahay. Nagbigay siya ng halimbawa na ang pakikipag-kapitbahay ay may karapatan at pananagutan sa isa't isa. Hinggil sa karapatan ng kapitbahay, sinabi ng Propeta ﷺ:

> *Tulungan mo siya kapag humingi ng tulong; bigyan siya ng ginhawa kapag humingi ng kaginhawaan; ipadama mo sa kanya ang iyong pagmamalasakit kapag siya'y may pagkabahala at kapag siya'y may sakit; dumalo sa kanyang libing kapag siya'y namatay; batiin siya kapag nagkamit ng tagumpay; damayan siya kapag may dumating na sakuna sa kanya; huwag mong takpan ang*

*kanyang hangin sa pamamagitan ng pagtatayo ng mataas na bakod o gusali nang wala siyang pahintulot; at huwag mo siyang ligaligin.*

**Ang Mabuting Pakikipag-kapwa**

Isa siyang magandang halimbawa sa mga taong sumasang-ayon sa mapayapang sambayanan. Ipinag-uutos ng Islam sa mga tao na huwag lumabag sa karapatan ng iba o sirain ang kanilang kapakanan. Sa halip ay magtulungan sa isa't isa at magdamayan.

Upang pangalagahan ang pagkakaisa at katatagan ng bayan, at upang makamit ang kabutihan at kapakanan ng sambayanan, ipinagbabawal ng Islam ang pagtatalo ng lipunan, paninirang-puri sa isa't isa, at pananakit sa iba maging sa pamamagitan ng kamay o dila.

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na dalawin ang may sakit, tulungan ang nangangailangan at mahihina. Ang Islam ay hindi nagbibigay ng pagtatangi-tangi batay sa lahi, kulay o wika. Ang panawagan ay sa buong sanlibutan.

**Ang mga Kababaihan**

Si Propeta Muhammadﷺ ay nagdala ng mga batas at pag-uutos sa ikabubuti ng mga kababaihan. Ang babae

ay kinikilala ng Islam bilang matapat na kaakibat at kasama sa paglalang ng tao. Ang ama at ang ina ay kapwa mahalaga sa buhay. Ang tungkulin ng kababaihan ay kapwa mahalaga tulad sa tungkulin ng kalalakihan. Sa kanilang samahan (lalaki at babae), kapwa sila patas sa lahat ng bagay; patas sila ng karapatan; patas ang ginagampanang tungkulin at kapwa sila may maraming magkatulad na katangian.

Magkapantay sila ng pansarili at pangkaraniwang tungkulin at ang pagtanggap ng biyaya sa kanilang gawain.

Ipinag-uutos ng Islam na magkapantay sila ng karapatan sa paghahanap ng kaalaman. Walang binibigyan ng pagtatangi kahit kaninuman sa kanila.

May karapatan ang babae sa malayang pagpapahayag katulad ng lalaki. Ang kanyang makatarungang paniniwala ay binibigyan ng pagpapahalaga at kailanma'y hindi pawawalang-saysay dahil siya ay babae.

Ang Islam ang nagbigay ng pantay na karapatan sa lalaki at babae na makipagkasundo (sa kalakal), magnegosyo, kumita at magmay-ari ng pansarili. Ang kanyang buhay, karapatan, at dangal ay karapat-dapat igalang katulad sa lalaki.

Ipinag-uutos ng Islam na ang mga kababaihan ay may karapatan sa mana. Bago dumating ang Islam, ang kababaihan ay hindi lamang inalisan ng karapatan sa kanyang bahagi (sa ari-arian) kundi pati na rin ang kanyang sarili sapagka't itinuturing silang pag-aari ng lalaki.

## Ang Pamahalaan

Nang dumating si Propeta Muhammadﷺ sa Madinah, itinatag niya ang Pamahalaang Islam. Pagkatapos niyang itinatag ang pampulitikang kapatiran at ang kapangyarihan ng Pamahalaan sa Madinah, sinimulan niya ang pakikipag-usap sa ibang tribo sa paligid ng lungsod at nakipagkasundo sa kanila.

Nang ang mga Makkan ay nagsagawa ng sunod-sunod na paglusob sa Madinah, nagawa ni Propeta Muhammadﷺ na harapin sila, at sa bandang huli ang mga Makkan ay natalo sa Digmaan ng *Al-Khandaq* (Kanal o Bambang). Nakipagkasundo siya sa kanila sa Hudaibiyah na tumagal ng sampung taon. Ang kasunduang ito ay isang obra-maestra ng pangkaraniwang pangangasiwa sa pamahalaan sa panig ni Propeta Muhammadﷺ.

Ang mahusay niyang pakikitungo sa pagpapadala at pagtanggap ng mga kinatawan mula sa iba't ibang

tribo at dayuhang pinuno, ang makatarungan at mahusay niyang pagpapasya, at ang *'Pangkalahatang pagpapatawad'* at ang pagpapalaya sa Makkah, ay ilan lamang sa mga katibayan ng kanyang dakilang pamamahala.

Ang pamahalaang itinatag niya sa Madinah ay hindi nagkataon lamang. Ito ang karaniwan niyang layunin na kanyang itatag ang pamahalaan upang ipatupad ang landas ng Allah ﷻ. Bagaman marami sa tao ang tumanggap ng bagong pananampalataya, nanganga-ilangan ng sapat na panahon para baguhin ang kanyang pag-uugali, kultura at paraan ng pamu-muhay. Isang kamalian na baguhin ang ganitong uri ng tao at ginagawa ito nang mabilisan at sapilitang pamamaraan. Kaya ang Pamahalaang Islam ay kinaka-ilangan upang pangalagaan ang panuntunan ng buhay na naaayon sa *Shari'ah*[14].

Ang kapangyarihan ng Pamahalaang itinatag ni Propeta Muhammad ﷺ ay pinatitibay ng hukbong sandatahan na kinakailangang itatag at buuin upang ipatupad ang kanyang tungkulin sa pagpapanatili ng batas, seguridad at pagpapatigil sa anumang pag-salakay at pang-aapi.

---

[14] Batas Islamiko.

## MGA SANGGUNIAN SA PAGSULAT


**Ar-Raheeq Al-Makhtum - The Sealed Nectar**
Biography of the Prophet
By: Safl-ur-Rahman Al-Mubarakpuri

**The Life of Prophet Muhammad ﷺ**
By: Abdulwaheed Khan

**Muhammad ﷺ the Prophet of Islam**
By: S. K. Ramakrishna rao

**Tafsir Ibn Kathir (Abridge)**
By: Hafiz Ibn Kathir

**The Noble Qur'an**
By: Dr. Muhammad Muhsin Khan
Dr. Muhammad Taqi-Uddin Al-Hilali

Inaanyayahan namin kayong maglaan ng panahon sa pag-aaral ng Islam upang maging malaya sa mga maling impormasyon na kalimitang inaakibat sa Islam at sa mga Muslim. Maraming salamat po.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa**


## ISCAG - Philippines

**(Islamic Studies, Call & Guidance - Philippines)**
**Salitran I, Congressional Road**
**Dasmarinas, Cavite**
**Philippines**
Tel No. 0063-46-416-3371
Fax No. 0063-46-416-3629

**Mga 25 Sugo ng Diyos na nabanggit sa Banal na Qur'an;**

1. Adam (a.s.)
2. Idris (a.s.)
3. Nuh (Noah) a.s.
4. Hud (a.s.)
5. Saleh (a.s)
6. Lut (Lot) (a.s.)
7. Ibrahim (Abraham) (a.s.)
8. Ismail (Ismael) (a.s.)
9. Ish'hak (Isaa) (a.s.)
10. Ya'kub (Jacob) (a.s.)
11. Yusuf (Joseph) (a.s.)
12. Sha'aib (a.s.)
13. Harun (Aaron) (a.s.)
14. Musa (Moises) (a.s.)
15. Dawood (David) (a.s.)
16. Sulaiman (Solomon) (a.s.)
17. Ayub (Job) (a.s.)
18. Zulkifli (Ezekiel) (a.s.)
19. Yunos (Jonah) (a.s.)
20. Elyas (Elijah) (a.s.)
21. Al-Yasa (Elisah) (a.s.)
22. Zakariyah (Zacarias) (a.s.)
23. Yahya (John) (a.s.)
24. I'sa (Jesus) (a.s.)
25. Muhammad ﷺ

- a.s – Alayhi wa salam - sumakanya nawa ang kapayapaan

## Ang Sinasabi Tungkol kay Muhammad ﷺ

Sa pagkamatay ni Muhammad ﷺ, ninais ng kanyang mga taga-sunod na i-angat siya sa antas ng pagka-diyos upang sambahin siya. Subali't isang tao na ang magiging kapalit niya na taga-pamahala ay siyang pumutol sa pagtatangkang ito sa pamamagitan ng pagbigkas sa isa sa pinakadakilang pahayag ng Allah sa sanlibutan upang paalalahanin ang mga tao:

*"Kung sino man sa inyo ang sumasamba kay Muhammad ﷺ, siya ay patay. Ngunit kung ang Allah ﷻ ang inyong sinasamba, Siya ay magpasawalang hanggang nabubuhay."*

James A. Michener, "Islam: The Misunderstood Religion, in the Reader's Digest (American Edition) for May, 1995, pp. 68-70.

## ANG PAANYAYA SA KATOTOHANAN

Sabihin (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo, Kristiyano at ang mga sumunod sa kanilang landas)." Halina't ating pagsang-ayunan ang isang makatarungang pangungusap (Kaisahan ng Allah) sa pagitan natin. Wala tayong ibang nararapat sambahin maliban sa Allah lamang. Huwag tayong magkaroon ng kaakibat o mag-tambal ng anuman sa pagsamba sa Kanya. At huwag tayong magkaroon ng Arbaab (mga diyos-diyusan) mula sa atin (mga nilikha) maliban sa Allah. At kapag sila ay tumalikod, sabihin sa kanila: "Maging saksi kayo na kami ay mga Muslim."

[Surah Al-Imran, Qur'an 3:64]

# إعداد

# مركـز البحـوث الإسـلامية
# والدعوة والإرشاد في الفلبين


هاتـــف : ٤١٦٣٣٧١ - ٤٦ - ٠٠٦٣

فاكس : ٥٠٦١٤٥١ - ٤٦ - ٠٠٦٣


## طبع على نفقة
## مركز العناية بالمسلمين الجدد


ت : ٢٤٢٣٠٠٨ - ٢٤٢٣٠٠٤ ف : ٢٤٢٣٠٠١

ص. ب : ٤٣٣٣٩ الرمز البريدي ١١٥٦١ الرياض

# محمد ﷺ رحمة للعالمين

بلغة التجالوج

تأليف

أحمد باجيك

مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد في الفلبين

TAGALOG

مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد في الفلبين

# محمد صلى الله عليه وسلم
# رحمة للعالمين

تأليف
## أحمد باجيك
بلغة التجالوج


مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد في الفلبين
هاتف : ٤١٦٣٣٧١ - ٤٦ - ٠٠٦٣
فاكس : ٥٠٦١٤٥١ - ٤٦ - ٠٠٦٣